**LESSON 5: ANG PANALANGIN**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

Bigkasin ang Memory Verse

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1. Ilan ang nabigyan mo ng Gospel tracts o nabahaginan mo ng Juan 3:16? Ilan ang naturuan mo ng Lesson 1? Lesson 2? Lesson 3? Lesson 4?
2. Anu-ano ang mga hadlang sa'yo sap ag-eebanghelyo? Sa pagbabahagi mo ng Lesson 1-4? Ano ang mga solusyon mo para dito?
3. Ano ang mabigat na hadlang sa iyong pananalangin? Ano ang ginagawa mo para labanan ito?

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

1. **Mateo 6:6-8 ASND**
   Sa halip, kung mananalangin kayo, pumasok kayo sa inyong kwarto at isara ang pinto. At saka kayo manalangin sa inyong Ama na hindi nakikita. At ang inyong Ama na nakakakita sa ginagawa ninyo nang lihim ang magbibigay ng gantimpala sa inyo.
   "At kapag nananalangin kayo, huwag kayong gumamit ng maraming salita na wala namang kabuluhan, tulad ng ginagawa ng mga taong hindi kumikilala sa Dios. Akala nila ay sasagutin sila ng Dios kung mahaba ang kanilang panalangin. Huwag n'yo silang gayahin, dahil alam na ng inyong Ama kung ano ang kailangan ninyo bago pa man ninyo ito hingin sa kanya.

2. **Mateo 7:7-11 ASND**
   "Humingi kayo sa Dios, at bibigyan kayo. Hanapin ninyo sa kanya ang hinahanap n'yo, at makikita ninyo. Kumatok kayo sa kanya, at pagbubuksan kayo. Sapagkat ang lahat ng humihingi ay nakakatanggap; ang naghahanap ay nakakakita; at ang kumakatok ay pinagbubuksan. Kayong mga magulang, kung ang anak ninyo ay humihingi ng tinapay, bibigyan ba ninyo ng bato? At kung humihingi siya ng isda, bibigyan ba ninyo ng ahas? Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Amang nasa langit! Ibibigay niya ang mabubuting bagay sa mga humihingi sa kanya.

3. **Juan 16:24 ASND**
   Hanggang ngayon ay wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo at makakatanggap kayo, para malubos ang inyong kagalakan.

4. **Juan 15:7 ASND**
   Kung mananatili kayo sa akin at ang mga salita ko'y mananatili sa inyo, ipagkakaloob ko ang anumang hilingin ninyo.

5. **1 Juan 5:14-15 ASND**
   At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Dios, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. At kung alam nating nakikinig sa atin ang Dios, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.

6. **Marcos 11:24 ASND**
   Kaya tandaan ninyo: anuman ang hilingin ninyo sa Dios sa panalangin, manampalataya kayong natanggap na ninyo ito, at matatanggap nga ninyo.

**Tanong:**

Ano ngayon ang masasabi mo sa kahalagahan ng panalangin?

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang panalangin ay dapat nakatuon sa Panginoong Hesus.
2. Ang panalangin ay hindi dapat paulit-ulit na wala sa puso.
3. Maari nating hilingin anuman ang ating ibigin kahit gaano kalaki o kaimposible ito.
4. Ang panalangin ay dapat sang-ayon sa kalooban ng Diyos.
5. Makapangyarihan ang panalangin kaya dapat natin itong gamitin araw-araw at hindi dapat ipagwalang bahala.

**MEMORY VERSE:** Juan 15:7 / 1 Juan 5:14-15

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga s aiyo na nais mong bahaginan ng mga lessons. Siguraduhin na mayroon na 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Ipag-ayuno ang mga tao na nais mong turuan ng mga lessons.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Ibahagi ang Lesson 1 sa mga malalapit na kamag-anak o kaibigan.
e. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Mateo 7:13-14)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.